# Mahalaga ang Boses Mo: May Mahalagang Papel ang Mga Residente at Pamilya

# sa Kaligtasan ng Paggamot



| Alam mo bang kung minsan ay nagkakaroon ng mga pagkakamali kaugnay ng mga gamot? | |
|---|---|
| **Maaari kang maging mahahalagang pagpapasya sa pangangalag** | **Maaari kang magkaroon ng papel sa pangkat para sa kaligtasan ng** |

Strengthening Med Safety in Long-Term Care

ismp CANADA

Institute for Safe Medication Practices Canada
Institut pour la sécurité des médicaments aux patients du Canada


Ang Ontario Ministry of Long-Term Care (MLTC) ay makikipagtulungan sa Institute for Safe Medication Practices Canada (ISMP Canada) sa loob ng 3 taon para suportahan ang mga long-term care home sa pagpapaigting ng kaligtasan ng paggamot. Magiging bahagi ng gawaing ito ang pagtugon sa mga mungkahi ni Hukom Gillese na nauugnay sa pagtukoy sa mga insidente sa paggamot na posibleng hindi mapansing mangyari.

**Ang *Inisyatibang Pagpapaigting ng Kaligtasan ng Paggamot sa LTC ay pinopondohan ng Ontario Ministry of Long-Term Care. Mga pananaw ng ISMP Canada ang mga ipinahayag na pananaw at hindi nito sinasalamin ang mga pananaw ng probinsya.***

**Maaaring matagalan bago makarating sa iyo ang gamot pagkatapos itong ireseta sa iyo.**

| Ang Mangyayari | Ang Epekto Nito sa Iyo |
|---|---|
| **Pagrereseta** | |
| Magrereseta ang doktor o nurse practitioner ng gamot. | Ibahagi sa kanila ang mga pangkalusugang hangarin |
| **Pag-** | |
| Idi-dispense ng pharmacist ang iyong gamot. | Titiyakin niyang matatanggap mo ang tamang gamot. |
| **Pagtatabi** | |
| Maingat na itatabi ang gamot sa iyong Home. | Titiyakin ng nurse na tama ang iyong gamot |
| **Pagbibigay** | |
| Dadalhin sa iyo ng nurse ang gamot mo. | Kung may problema o kung mayroon kang tanong, magtanong! |

Mga Maaari Mong Itanong Tungkol sa Iyong Gamot

- Makakaranas ba ako ng mga side effect?
- Aantukin ba ako rito?
- Sandali ko lang ba itong gagamitin o habambuhay ko na itong gagamitin?



Strengthening Med Safety in Long-Term Care

ismp CANADA
Institute for Safe Medication Practices Canada
Institut pour la sécurité des médicaments aux patients du Canada

## Paano kung mukhang hindi tama ang aking gamot?

Sabihin sa ibang tao. Puwede mo itong sabihin sa iyong nurse, sa isang personal support worker o isang tagapag-alaga.
Huwag gamitin ang gamot hangga't hindi mo nararamdamang ligtas itong gawin.
Ibahagi ang iyong mga ideya tungkol sa kung paano maiiwasang mangyari ulit ang isang pagkakamali.
Iulat ang pagkakamali sa ISMP Canada sa www.mederror.ca

Mahalaga ang iyong mga ideya at pananaw tungkol sa paggamot. Ibahagi sa amin ang iyong mga ideya sa LTC@ismpcanada.ca.

Magbasa pa: https://www.ismp-canada.org/LTC/

Strengthening Med Safety in Long-Term Care

ismp CANADA
Institute for Safe Medication Practices Canada
Institut pour la sécurité des médicaments aux patients du Canada